醫院管理局
HOSPITAL AUTHORITY

# Gabay sa Kalusugan ng Awtoridad ng Ospital
# Pag-aalaga gamit ang Urinary Catheter

## (1) Panimula

- Ang urinary catheter ay isang tubong gawa sa malambot na goma na ipinasok sa urethra patungo sa pantog at konektado sa isang drainage bag o lalagyan upang mailabas ang ihi mula sa katawan.
- Ang urinary catheter ay may dalawang magkahiwalay na tubo. Ang isa ay para sa pagpapalabas ng ihi, at ang isa ay para sa pagpapadaloy ng tubig patungo sa lobong pansabit sa dulo ng tubo upang mapanatili ang urinary catheter sa loob ng pantog.
- Ang itinatagal sa paggamit ng urinary catheter ay nakasalalay sa bawat indibidwal na sitwasyon.

## (2) Mga tagubilin sa pangangalaga ng urinary catheter


A. Pagsesecure sa urinary catheter

- Lalaki: i-secure ang urinary catheter sa bandang loob na hita malapit sa ari
- Babae: i-secure ang urinary catheter sa bandang loob na hita sa ibaba ng ari


B. Mga tagubilin sa pangangalaga ng drainage bag

- Karaniwan ay hindi na kailangang palitan ang drainage bag maliban kung ito ay nasira o may tumatagas na ihi mula sa bag.
- Siguraduhin na maayos ang pagdaloy. Iwasang mabaluktot o mapilipit ang drainage tube.
- Regular na alisin ng laman ang drainage bag (tuwing 4 na oras) o kapag ito’ y 2/3 nang puno.
- Mga pamamaraan para sap ag-aalis ng laman ng drainage bag:
  - Linisin ang kamay gamit ang sabon o handrub na gawa sa 70% na alkohol
  - Linisin ang dulo ng drainage tube gamit ang alcohol wipe na 70%
  - Buksan ang drainage tube upang maalis ang ihi mula sa bag. Siguraduhing hindi dadampi sa ibang bagay ang dulo ng drainage tube

- Isara ang tubo at linisin ang dulo gamit ang alcohol wipe na 70%.
- Hugasan ang kamay sa pamamagitan ng sabon
- Itala ang dami ng ihi, kulay, at amoy




- Mga pamamaraan para sa pagpapalit ng drainage bag
  - Linisin ang kamay sa pamamagitan ng sabon o handrub na gawa sa 70-80% na alkohol
  - Linisin ang pinagdudugtungan ng catheter-drainage tube sa pamamagitan ng wipe o pamunas na may 70% na alkohol
  - Bahagyang iangat ang urinary catheter at nakasarang drainage bag upang maiwasan ang pagtapon ng ihi
  - Alisin sa pagkakonekta ang drainage bag mula sa urinary catheter at ikonekta sa bagong bag. Huwag hayaang dumampi ang nakabukas na dulong bahagi ng urinary catheter at drainage tube sa ibang bagay, tulad ng kamay, damit, atbp.
  - Alisin ang lamang ihi ng drainage bag at itapon ang bag sa basurahan. Maghugas ng iyong mga kamay.



**Dugtungan para sa tubo ng agusan ng Catheter**

C. Kailan dapat magpalit ng urinary catheter

- Depende sa materyales at indibidwal na sitwasyon, ang isang urinary catheter at drainage bag ay dapat palitan tuwing 2-4 na linggo ng kawani ng pangangalaga sa kalusugan.

D. Pag-iwas sa impeksyon sa daanan ng ihi

- Panatilihing mas mababa sa lebel ng pantog ang drainage bag sa lahat ng pagkakataon .
- Maging maingat na mailagay ang drainage bag sa sahig o sa maruruming mga bagay.
- Huwag alisin sa pagkakonekta ang drainage bag mula sa urinary catheter maliban kung kailangan na itong palitan.

E. Personal na pag-aalaga at kalinisan

- Linisin araw araw ang bahagi ng urinary catheter na nakadampi sa balat at ang mismong balat na dumadampi dito gamit ang sabon at tubig.
- Uminom ng hindi bababa sa 1.5 – 2 litrong (mga 6-8 baso) mga inumin kada araw upang maiwasan ang impeksyon sa daanan ng ihi maliban kung may kontraindikasyon.
- Ang karaniwang kulay ng ihi ay maputlang dilaw. Uminom ng mas maraming tubig kung ito' y madilaw.

## (3) Kaagad na sumangguni sa iyong doctor kung makaranas ng alinman sa mga sumusunod na kondisyon

- Sintomas ng impeksyon sa daanan ng ihi： may amoy ang ihi o medyo maputi o may dugo sa ihi, lagnat, panginginig o sakit sa bandang ibabang bahagi ng likod
- Pamamaga sa bahaging pinapasukan ng urinary catheter
- Walang ihing nakolekta ang urinary catheter o pamamaga ng ibabang bahagi ng tiyan
- Naalis ang urinary catheter
- Tumatagas ang ihi sa paligid ng urinary catheter
- Pananakit ng daanan ng ihi
- Pagbaba ng dami ng iniihi

Inihanda ng Komite sa Koordinasyon para sa Sakuna at Emerdyensya
Awtoridad ng Ospital
Disyembre 2021